

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10
(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

Pangalan ng Negosyo: Click or tap here to enter text.

Address ng Pasilidad: Click or tap here to enter text.

Maaari ninyong tawagan ang sumusunod na tauhan para sa anumang mga taong o komento tungkol sa protocol na ito:

Pangalan: Click or tap here to enter text.

Phone number: Click or tap here to enter text.

Bawat negosyo na napapailalim sa Health Officer Directive 2020-05 (Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-05) ay dapat lumikha, magpaskil, at turuan ang mga Tauhan hinggil sa isang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (Health and Safety Plan) na siyang tinutukoy sa bawat item (bilihin o bagay) na nakalista sa ibaba. Maaaring gamitin ng negosyo ang fillable form na ito para kumpletuhin ang mga rekisito (requirement) o maaring lumikha ng sariling dokumento na siyang tutukoy sa mga bagay na itinatakda dito. Dapat magbigay ng mga detalye ang negosyo, katulad ng pagpapaliwanag kung saan nakapaskil ang mga item, papaano nito natuturuan ang mga Tauhan, o kung papaano nito ginagawa ang ibang bagay na kinakailangan. Kung hindi nalalapat ang isang item, maaaring isulat ng negosyo ang “N/A” o “none” o “does not apply” at magbigay din ng mga nauugnay na impormasyon para ipaliwanag kung bakit hindi nalalapat ang isang item kung sakaling magkaroon ng potensyal na pagkalito. Mayroong elektronik na form-fillable na dokumento para sa layunin na ito gamit ang internet na siyang makukuha mula sa www.sfcdep.org/covid19. (buksan ang “Businesses and Employers” sa seksyon ng “Information and Guidance for the Public”).

1. Seksyon 1 – Signage at Edukasyon:

- 1.1.** Magpaskil ng signage sa bawat pampublikong pasukan ng pasilidad o lokasyon (kungmayroon man) upang ipaalam sa lahat ng Tauhan at kostumer na kailangan nilang: iwasan ang paghintay sa linya o ang pagpasok sa pasilidad o lokasyon kung mayroon silang ubo o lagnat, magpanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa isa’t isa habang nasa linya o nasa loob ng pasilidad o lokasyon, magsuot ng Panakip-Mukha o barrier mask (isang "Panakip-Mukha") sa lahat ng oras, at huwag makipagkamay o makilahok sa anumang hindi kinakailangang pisikal na kontak. Inilatag ang mga Pamantayan sa mga Panakip-Mukha at mga rekisitong nauugnay sa kanilang gamit sa Kautusan ng Opsiyal ng Kalusugan Blg. C19-12, na inisyu noong Abril 17, 2020 (ang “Kautusan sa Panakip-Mukha”). Makakuha ng mga halimbawang karatula online sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>.
Click or tap here to enter text.
- 1.2.** Magpaskil ng kopya ng Protokol sa Social Distancing sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.
Click or tap here to enter text.
- 1.3.** Magpaskil ng kopya ng Plano sa Kalusugan at Kaligtasan sa bawat pampublikong pasukan sa pasilidad o lokasyon.
Click or tap here to enter text.
- 1.4.** Ipamahagi sa lahat ng Tauhan ang mga kopya ng Protokol sa Social Distancing at Plano sa Kalusugan at Kaligtasan (o buod ng bawat item na mayroong impormasyon sa kung paano makakakuha ng mga kopya) at anumang materyales na pang-edukasyon na kinakailangan sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.
Click or tap here to enter text.

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10

(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

1.5. Lumikha at magpatupad ng isang planong pang-edukasyon para sa lahat ng Tauhan na sumasaklaw sa lahat ng item na kinakailangan sa Protokol sa Social Distancing at sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan.

Click or tap here to enter text.

1.6. I-update ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan kung kinakailangan habang epektibo ang Direktiba.

Click or tap here to enter text.

2. Seksyon 2 – Mga Rekisito sa Proteksyon at Kalinisan ng Tauhan at Kostumer:

2.1. Abisuhan ang lahat ng Tauhan nang pasalita at nang nakasulat na huwag pumasok sa trabaho o sa pasilidad kung sila ay may sakit.

Click or tap here to enter text.

2.2. Magbigay ng kopya ng Attachment sa Exhibit na ito, na may pamagat na “Impormasyon para sa Tauhan (Mga Empleyado, Kontraktor, Volunteer) ng Karagdagang Negosyo at Iba Pang Mga Negosyong Pinahihintulatang Magpatakbo sa Panahon ng Emergency na Pangkalusugan” (ang “Attachment”), sa lahat ng Tauhan na madalas magtrabaho sa pasilidad o lakasyon sa format na hardcopy o elektroniko. Makikita ang PDF at mga isinaling bersyon ng Attachment online sa www.sfcdep.org/covid19 (bukasan ang lugar ng “Mga Negosyo at Employer” ng seksyong “Impormasyon at Patnubay para sa Publiko”). Kung may binago sa Attachment, magbigay ng in-update na kopya sa lahat ng Tauhan.

Click or tap here to enter text.

2.3. Repasuhin ang pamantayang nakalista sa Part 1 ng Attachment araw-araw sa lahat ng Tauhan sa loob ng Lungsod na madalas na nagtatrabaho sa pasilidad o lokasyon bago pumasok ang bawat tao sa lugar ng trabaho o magsimula ng kanilang shift. Kung hindi posibleng gawin ang ganitong pagrepaso dahil ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay hindi direktang nakakasalamuha ang ilang Tauhan sa lugar araw-araw, kung gayon ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay kailangang utusan ang mga Tauhan na iyon na (1) repasuhin ang mga pamantayan bago magsimula ang bawat shift sa Lungsod at (2) dapat iulat ng naturang Tauhan sa Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup na maaari na silang magsimula ng shift sa pamamagitan ng app, website, o pagtawag sa telepono.

Click or tap here to enter text.

2.4. Utusan ang Tauhan na manatili sa bahay o umuwi batay sa mga pamantayang nakalista sa Attachment na kailangan nilang sumunod sa mga pamantayan at gayundin sa anumang nalalapat na mga rekisito mula sa mga direktiba sa quarantine at isolation (available online sa www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp) bago bumalik sa trabaho. Kung kinakailangan silang mag-quarantine ng sarili o mag-isolate ng sarili, maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos nilang kumpletuhin ang self-quarantine o self-isolation. Kung nag-negatibo sila sa virus (walang nakitang virus), maaari lamang silang bumalik sa trabaho pagkatapos maghintay ng takdang panahon na nakalista sa Attachment pagkatapos maresolba ang kanilang mga sintomas. Hindi kinakailangan ng Tauhan na magbigay ng medical clearance letter o sulat upang makabalik sa trabaho kung natutugunan nila ang mga rekisitong itinatakda sa Attachment

Click or tap here to enter text.

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10

(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

- 2.5. Sa mga darating na linggo maaaring mag-isyu ang Department of Public Health ng mga patnubay na nag-uutos sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup at iba pang mga pinahihintulatang negosyo na sumunod sa mga rekisito sa testing ng COVID-19 para sa mga employer at negosyo. Paminsan-minsan, suriin ang mga sumusunod na website para sa anumang rekisito sa testing para sa mga employer at negosyo: www.sfdcp.org/covid19. Kung idinagdag ang mga rekisito, siguraduhing na-update ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan at sumusunod ang lahat ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup at Tauhan sa mga rekisito sa testing.
Click or tap here to enter text.
- 2.6. Kung ang isang aspeto ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay pinapayagang mag-opera at sakop ng ibang direktiba (tulad ng para sa pagde-deliver ng mga kalakal, na kung saan ay sakop ng Direktiba Blg. 2020-06), ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay dapat sumunod sa lahat ng angkop na direktiba, at ang Plano sa Kalusugan at Kaligtasan ay dapat isama ang lahat na angkop na bahagi mula sa mga direktiba. Ang mga kopya ng iba pang direktiba ay makukuha online sa <https://www.sfdph.org/dph/alerts/coronavirus-healthorders.asp>.
Click or tap here to enter text.
- 2.7. Turuan ang lahat ng mga Tauhan at mga Kostumer na panatilihin ang hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa iba, kabilang na kapag na sa pila at namimili o pagkokolekta ng mga kalakal sa ngalan ng kostumer, maliban kapag panandaliang kinakailangan upang mapadali o tanggapin ang bayad at ibigay ang pinamili o maghatid ng mga kalakal. Tandaan na kung ang mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside ay hindi maaaring masiguro ang pagpapanatili ng anim na talampakang distansya sa loob ng pasilidad sa pagitan ng mga Tauhan, tulad ng paglipat ng mga istasyon sa trabaho o pagkalat ng mga Tauhan, dapat nitong bawasan ang bilang ng mga Tauhan na pinapayagan sa pasilidad alinsunod dito. Ang pinakamaraming bilang ng mga tauhang pinahihintulutan ng Appendix C-1 hanggang sa Kautusang Manatiling Ligtas sa Bahay ay maaaring masyadong mataas para sa katauhan na mag-opera ng ligtas, ang numero ay dapat bawasan sa pagkakataong iyon.
Click or tap here to enter text.
- 2.8. Magbigay ng Panakip-Mukha para sa lahat ng Tauhan, na mayroong mga tagubilin na kailangan nilang magsuot ng Panakip-Mukha sa lahat ng oras kapag nasa trabaho, alinsunod sa itinakdang Kautusan sa Panakip-Mukha. Makakakuha ng halimbawang karatula online sa <https://sf.gov/outreach-toolkit-coronavirus-covid-19>. Pahintulutan ang Tauhan na magdala ng kanilang sariling Panakip-Mukha at kung nagdala sila nito, dapat nalinisan ito bago ng kanilang shift. Sa pangkalahatan, dapat na magkaroon ang mga tao ng iilang Panakip-Mukha (maaari mang gamitin muli o hindi) upang matiyak na malinis ang ginagamit nila sa bawat araw. Pinahihintulutan ng Kautusan sa Panakip-Mukha ang ilang mga eksepsyon, at kailangang alam ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ang mga naturang eksepsyon (halimbawa, mga batang may edad na 12 taong gulang o mas mababa o batay sa isang nakasulat na medikal na dahilan). Kapag ang Tauhan ay hindi nakasuot ng Panakip-Mukha dahil sa isang eksepsyon, gumawa ng mga hakbang upang pataasin ang kaligtasan ng lahat.
Click or tap here to enter text.
- 2.9. Kung naghihintay ang mga kostumer sa pila sa isang pasilidad o lokasyong pinapatakbo ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup, ipaalam sa mga kostumer na kailangan nilang magsuot ng Panakip-Mukha habang nakapila sa labas ng pasilidad o lokasyon. Kabilang dito ang paggawa ng mga hakbang upang abisuhan ang mga kostumer na

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

hindi sila mapaglilingkuran kung nakapila sila na walang Panakip-Mukha at maaring tanggihan na paglilingkuran kung wala silang Panakip-Mukha, alinsunod sa Kautusan sa Panakip-Mukha. Ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay maaaring magbigay ng malinis na Panakip-Mukha sa mga kostumer habang na sa pila. Para sa kalinawan, ang transaksyon ay puwedeng makansela kung ang kostumer ay walang suot na Panakip-Mukha. Ngunit dapat payagan ng mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ang mga kostumer na makatanggap ng serbisyo kung sila ay pinahihintulutan ng Kautusan sa Panakip-Mukha na hindi magsuot ng Panakip-Mukha, sa pamamagitan ng paggawa ng mga hakbang na makadadagdag sa kaligtasan ng lahat.

Click or tap here to enter text.

- 2.10.** Maglagay ng lababo na may sabon, tubig, at paper towel para sa paghuhugas ng kamay, para sa lahat ng mga Tauhan na nagtatrabaho onsite sa pasilidad o lokasyon. Mag-atas na ang lahat ng mga tauhan na maghugas ng kamay sa simula at dulo ng bawat shift, pagkatapos ng pagbahin, pag-ubo, pag-kain, pag-inom, paninigarilyo (sa lawak ng paninigarilyo na pinapayagan ng batas at ng pasilidad), o paggamit ng banyo, kapag nagbabago ng mga gawain, at, kapag maaari, madalas na panahon ng bawat shift. Ang mga Tauhan na nagtatrabaho off-site, tulad ng pagmamaneho o pagde-deliver ng mga produkto, ay kailangang gumamit ng hand sanitizer sa kabuohan ng kanilang shift.

Click or tap here to enter text.

- 2.11.** Magbigay ng hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 sa mga punto ng pagbili para sa lahat ng kostumer at sa iba pang lugar sa loob ng pasilidad o lokasyon para sa Tauhan. Kailangan ding magbigay ng sanitizer sa Tauhan na namimili, nagde-deliver, o nagmamaneho kapag sila ay namimili, nagde-deliver, o nagmamaneho. Kung walang makuhang sanitizer, maaaring sapat na ang isang istasyon sa paghuhugas ng kamay gamit ang sabon, tubig, at mga paper towel para sa mga kostumer at ilang Tauhan na nasa site sa lokasyon ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup. Ngunit para sa mga Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho na nauugnay sa kanilang trabaho, kailangang maglagay ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ng hand sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 sa lahat ng oras; sa anumang oras na kung saan hindi nagbigay ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ng sanitizer sa naturang Tauhan na namimili, naghahatid, o nagmamaneho, hindi pinahihintulutan ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup na magpatakbo sa Lungsod para sa aspetong iyon ng kanilang serbisyo. Ang impormasyon sa hand sanitizer, kabilang ang sanitizer na epektibo laban sa COVID-19 at kung paano makakakuha ng sanitizer, ay makikita online mula sa Food and Drug Administration dito: <https://www.fda.gov/drugs/information-drug-class/qa-consumers-hand-sanitizers-and-covid-19>.

Click or tap here to enter text.

- 2.12.** Magbigay ng disinfectant at mga kaugnay na supply sa Tauhan at utusan ang mga Tauhan na linisin ang lahat na madalas hawakang lugar na kontrolado nila, kabilang ngunit hindi limitado sa: mga shopping cart at basket na ginagamit ng Tauhan; countertop, display case ng mga pagkain/item, pintuan ng kaha ng refrigerator at freezer, mga drawer ng mga tool o hardware, at mga lugar ng pag-checkout; mga cash register, kagamitan sa pagbabayad, at mga self-checkout kiosk; hawakan ng pintuan; mga tool at kagamitang ginagamit ng Tauhan sa loob ng shift; at anumang kagamitan o aparato na ginagamit sa pagtunton ng imbentaryo o delivery na kailangang hawakan ng buong shift sa trabaho. Ang mga item na ito ay dapat madalas na dini-disinfect sa buong araw, kabilang ang iniaatas sa ibaba. Matatagpuan ang listahan ng mga produktong inilista ng United States Environmental Protection Agency bilang nakakatugon sa mga pamantayan sa paggamit laban sa virus na nagiging sanhi ng COVID-19

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10

(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

dito: <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>.

Click or tap here to enter text.

- 2.13.** Siguraduhin na ang loob ng sasakyan, iba pang kagamitang pang transportasyon, at lahat ng aparato o kagamitang ginagamit din ng ibang tao ay nalinisan at/o nadisinfect ng Tauhan ng madalas na iskedyul, sa simula at sa katapusan ng shift ng trabaho at sa loob ng shift ng bawat miyembro ng Tauhan.

Click or tap here to enter text.
- 2.14.** Direktahin ang lahat ng Tauhan na iwasan ang paghawak sa mga hindi na-sanitize na mga pang-ibabaw, tulad ng hawakan ng pinto o credit card, maliban kung ang kagamitang pang proteksyon tulad ng mga guwantes (na ibinigay ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup) ay ginagamit at itinapon matapos ang bawat paggamit o gumamit ng hand sanitizer pagkatapos ng bawat interaksyon.

Click or tap here to enter text.
- 2.15.** Madalas na idisinfect ang anumang break room, banyo, at iba pang mga common area. Lumikha at gumamit ng pang-araw-araw na checklist upang madokumento ang bawat pagkakataong nadisinfect ang mga silid o area na ito.

Click or tap here to enter text.
- 2.16.** Para sa anumang pasilidad o lokasyong pinapatakbo ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup na mayroong mga shopping cart o basket na ginagamit ng Tauhan, magtalaga ng Tauhan na magdidisinfect sa mga shopping cart at basket pagkatapos ng bawat paggamit at gumawa ng mga hakbang upang mapigilan ang sinuman na hawakan ang mga nagamit na cart at basket bago nadisinfect ang mga ito.

Click or tap here to enter text.
- 2.17.** Para sa anumang pasilidad o lokasyong pinapatakbo ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup na mayroong mga shopping cart o basket na ginagamit ng Tauhan, maglagay ng mga disinfecting wipes na epektibo laban sa COVID-19 malapit sa mga shopping cart at shopping basket. Matatagpuan ang listahan ng mga produktong inilista ng United States Environmental Protection Agency bilang nakakatugon sa mga pamantayan sa paggamit laban sa virus na nagiging sanhi ng COVID-19 dito: <https://www.epa.gov/pesticide-registration/list-n-disinfectants-use-against-sars-cov-2>.

Click or tap here to enter text.
- 2.18.** Magtatag ng sapat na oras sa loob ng araw ng trabaho upang magbigay-daan sa wastong paglilinis at dekontaminasyon sa buong pasilidad o lokasyon ng Tauhan kabilang, ngunit hindi limitado, bago magsara sa katapusan ng araw at magbukas sa umaga.

Click or tap here to enter text.
- 2.19.** Itigil ang paggamit ng mga microwave, water cooler, drinking fountain, at iba pang katulad na grupo ng mga kagamitan para sa mga break room hanggang sa maglabas ng karagdagang abiso.

Click or tap here to enter text.
- 2.20.** Kapag posible, maglaan ng hadlang sa pagitan ng kostumer at ng cashier tulad ng isang plexi-glass temporary barrier (temporaryong pangharang). Kapag hindi posible, lumikha ng sapat na espasyo upang makatayo ang kostumer ng higit sa anim na talampakan mula sa cashier habang inii-scan/tina-tally ang mga item at isinisilid sa bag.

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10

(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

Click or tap here to enter text.

- 2.21. Maglagay ng mga contactless payment system, o kung hindi maaari, i-sanitize ang mga payment system, kabilang ang mga touch screen, payment portal, ballpen, at stylus, pagkatapos ng bawat paggamit ng kostumer. Maaaring magbayad ang mga kostumer ng cash ngunit upang higit pang limitahan ang kontak ng tao sa tao, dapat hikayatin ng Tauhan ang mga kostumer na gumamit ng mga credit, debit, o gift card para sa pagbabayad.
Click or tap here to enter text.
- 2.22. Para sa anumang mas malaking pasilidad o lokasyon, magtalaga ng isang sanitation worker sa lahat ng oras upang patuloy na malinis at ma-sanitize ang mga kadalasang nahahawakang lugar (surfaces) at matugunan ang mga patnubay sa paglilinis ng kapaligiran na itinakda ng Center for Disease Control and Prevention (Sentro ng Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit).
Click or tap here to enter text.
- 2.23. Kung ang isang empleyado o ibang Tauhan ay nagpositibo sa COVID-19, sundin ang gabay sa “Patnubay ng negosyo kung ang miyembro ng staff ay nagpositibo sa COVID-19,” na makikita online sa sf.gov/business-guidance-if-staff-member-tests-positive-covid-19.
Click or tap here to enter text.
- 2.24. Maglagay ng mga karatula upang ipaalam sa mga kostumer kung ano ang maximum na kapasidad ng linya para matiyak na hindi ito malalagpasan. Kapag ang maximum na bilang ng mga kostumer ay naabot, dapat payuhan sila na bumalik mamaya upang maiwasan na madagdagan ang kasikipan sa linya.
Click or tap here to enter text.
- 2.25. Maglagay ng tape o iba pang mga marka sa sahig na mayroong hindi kukulangin sa anim na talampakan ang distansya ng linya ng kostumer sa labas ng pasilidad na may mga karatula na nagdidirekta sa mga kostumer na gamitin ang mga marka upang mapanatili ang distansya.
Click or tap here to enter text.
- 2.26. Kapag naglalagay muli ng mga item sa mga estante, kung mayroon man, siguraduhing naghugas o nag-sanitize ng kamay ang Tauhan bago maglagay ng mga item sa mga estante, tiyakin na muling maghuhugas o magsa-sanitize ng kamay ang Tauhan kung nakontamina ang mga ito sa pamamagitan ng paghawak sa mukha o buhok o ng pagkakalantad sa iba pang maduming pang-ibabaw.
Click or tap here to enter text.
- 2.27. Siguraduhin na ang lahat ng Tauhan na namimili o pumipili ng mga item para sa ibang kostumer ay nakasuot ng Panakip-Mukha kapag namimili, nag-eempake, at/o kapag nagdeliver ng mga item.
Click or tap here to enter text.
- 2.28. Utusan ang Tauhan na hugasan nang madalas ang mga kamay, kabilang ang:
 - Kapag pumapasok sa kusina o lugar ng paghahanda ng pagkain
 - Bago simulan ang paghahanda o pagsisilbi sa pagkain
 - Pagkatapos hawakan ang kanilang mukha, buhok, o iba pang parte ng kanilang katawan

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10

(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

- Pagkatapos gumamit ng banyo
 - Pagkatapos umubo, bumahing, gumamit ng tissue, manigarilyo, kumain, o uminom
 - Bago o pagkatapos humawak ng hilaw na pagkain
 - Bago magsuot ng gloves
 - Pagkatapos lumahok sa mga aktibidad na maaaring magkontamina ng mga kamay
- Click or tap here to enter text.

- 2.29. Magtakda ng Tauhan na siyang magaasikaso sa pagpapanatili ng sabon at paper towel na kailangan para sa mga lababo at istasyon sa paghugas ng kamay bawat oras at nang malagyan muli ng produktong pang-sanitize
- Click or tap here to enter text.

3. Seksyon 3 – Mga Kinakailangan para sa Curbside Pickup:

- 3.1. Pagbawalan ang mga kostumer na pumasok sa mga Negosyong mayroong Curbside Pickup. Ang transaksyon ay dapat mangyari sa labas ng gusali, tulad ng sa may pintuan o sa labas ng bintana.
- Click or tap here to enter text.
- 3.2. Turuan ang lahat ng Tauhan na kasangkot sa Curbside Pickup na hugasan ang kanilang mga kamay ng madalas at gamitin ang hand sanitizer (na ibinigay ng Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup) bago at pagkatapos ibigay ang mga items sa kostumer.
- Click or tap here to enter text.
- 3.3. Kung posible, Payagan ang mga kostumer na magbigay ng partikular na lokasyon na paghahatiran at paraan ng pakikipag-ugnay upang magbigay-daan sa pagde-deliver nang walang pisikal na interaksyon, maliban kung kinakailangang tumanggap ng bayad. Kapag posible, magbigay ng mga opsyon sa pagtanggap ng bayad sa pamamagitan ng mga teknolohiyang contactless, nang maaga sa pamamagitan ng telepono, app, o internet, o nang pasalita (tulad ng pagbabasa sa numero ng credit card at mga kinakailangang impormasyon).
- Click or tap here to enter text.
- 3.4. Ipaalala sa mga Tauhan na magsuot ng Panakip-Mukha sa lahat ng oras, pati narin kapag nakikipag-ugnayan sa mga kostumer na nagusundo ng mga item.
- Click or tap here to enter text.
- 3.5. Kapag kailangan para sa proseso ng curbside pickup, ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay dapat baguhin o tanggalin (kung posible) ang mga pamamaraan sa pagkuha ng lagda ng kostumer at/o iwasan ang paggamit ng mga gamit sa pagsusulat tulad ng ballpen o stylus at iwasan ang paghawak ng mga aparato o kagamitang ginagamit din ng ibang tao. Kung hindi maaari, i-sanitize ang naturang kagamitan o mga aparato bago at pagkatapos ng bawat paggamit upang maprotektahan ang bawat kostumer.
- Click or tap here to enter text.
- 3.6. Kung mayroong isang pick up area na sapat ang laki at ligtas (hal., isang bukas na parking lot), ang transaksyong curbside ay dapat mangyari nang hindi paglabas ng kostumer sa kanilang sasakyan kung sila ay nakaparada sa parking lot. Sa ganitong mga sitwasyon, ang sasakyan ay dapat nakaparada na nakapatay ang makina. Dapat ibigay ng kostumer ang gumawa, modelo, kulay, at plaka ng sasakyan sa simula, offsite/remote na transaksyon upang

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiyal sa Kalusugan Blg. 2020-10

(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

malinaw na makilala ang sasakyan ng mga Tauhan. Para sa ganitong uri ng pagkuha, ang Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ay dapat kontakin ng kostumer kapag sila ay nakaparada na. Puwede nang ilagay ng Tauhan ang mga biniling kagamitan sa trunk ng sasakyan kung maaari. Kung ang pagbigay ng bagay ay nangangailangan ng interaksyon sa pagitan ng kostumer at ng Tauhan, tulad ng pagaabot ng gamit sa likuran ng sasakyan o sa pamamagitan ng bintana, ang kostumer at ang nagde-deliver ay dapat na may suot na Panakip-Mukha habang may interaksyon. Dapat payuhan ang kostumer, tulad sa pamamagitan ng isang karatula na hawak-hawak, para isuot ang Panakip-Mukha bago lumapit ang taong nagde-deliver sa sasakyan. Ang isang katulad na pamamaraan ay maaaring gamitin para sa iba pang mga klase ng transportasyon, tulad ng bisikleta o motorsiklo.

Click or tap here to enter text.

- 3.7. Pag-isipang pahabain ang deadline para sa pagbalik o pagpalit ng mga gamit upang matulungan ang kostumer na ipagpaliban ang mga biyahe sa negosyo hanggang sa isang mas ligtas na oras, o hikayatin ang mga kostumer na magpadala ng pagbalik o pagpalit gamit ang serbisyo ng pagde-deliver upang mabawasan ang hindi kailangang kontak.
Click or tap here to enter text.
- 3.8. Limitahan ang bilang ng mga kostumer na naghihintay sa linya para sa curbside pickup sa anumang oras sa isang bilang na magbibigay-daan para sa mga kostumer at mga Tauhan upang madaling mapanatili ang hindi bababa sa anim na talampakan ang layo mula sa isa't isa at magbibigay ng sapat na espasyo sa bangketa upang payagan ang ligtas na paglalakad sa right-of-way sa lahat ng oras. Isang posibleng paraan upang matiyak ito ay ang pag-alok ng bintana ng oras kung saan ang mga kostumer ay maaaring mag-iskedyul ng oras kung kailan puwede kunin ang mga bagay na inorder para maikalat ang trapiko ng mga kostumer ng buong araw.
Click or tap here to enter text.
- 3.9. Dapat suriin ng mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup ang mga lokal na kalye, bangketa, at pagtatayo ng konteksto at pagtuunan ng pansin ang mga panganib sa Plano sa Kalusugan at Kaligtasan na nauugnay sa kostumer, trapiko, mga naglalakad, at kaligtasan ng nagbibisikleta batay sa bago o pinalawak na curbside pickup. Dapat kasama sa plano ang pagbabawas ng paglalantad ng kostumer at mga Tauhan sa trapiko at bike lane, pagkabawas sa pagharang ng pagiging madaling pagkita ng iba pang mga manlalakbay (kung sasakyan, naglalakad, o nagbibisikleta), bawasan o alisin ang mga potensyal na pagharang ng daanan, kabilang ang ADA-compliant na akses sa bangketa, at pagtanggap ng mga kalakip na mga linya sa labas ng pasilidad na may mga linya mula sa iba pang mga kalapit na mga tindahan at negosyo. Halimbawa, ang plano ay dapat na masiguro na ang mga kostumer ay hindi hinihikayat upang harangan ang trapiko o bike lane, halimbawa, kahit na panandalian, at ito ay dapat na limitahan ang bilang ng mga kostumer na maaaring tumayo sa linya para hindi mapatungan ang linya ng isang kalapit na negosyo.
Click or tap here to enter text.

Plano sa Kalusugan at Kaligtasan para sa Direktiba ng Opsiya sa Kalusugan Blg. 2020-10
(inisyu 5/17/20)

Para sa mga Negosyong Retail na Naghahandog ng Curbside Pickup

Additional Information (use this space to provide additional information or attach extra pages as needed)

Click or tap here to enter text.